



# Isang Sangguniang Gabay para sa Mga Imigrante na New Yorker



Maaaring Humingi ng Pangangalaga at Suporta nang Walang Takot ang Lahat ng New Yorker

## TULONG SA LEGAL SA IMIGRASYON



Tumawag sa ActionNYC sa **800-354-0365**, mula Lunes hanggang Biyernes, 9AM hanggang 6PM para sa libre, ligtas na tulong sa legal sa imigrasyon. Kumuha lamang ng tulong mula sa mapagkakatiwalaan, lisensyadong abogado o isang accredited na kinatawan.

## SINUSUPPORTAHAN ANG MGA IMIGRANTENG PAMILYA



### Pangangalagang Pangkalusugan

- Hindi maapektuhan ang iyong katayuan sa imigrasyon sa pagkuha ng bakuna, pangagalaga o pagpapagamot para sa COVID-19. Maghanap ng libreng site para sa pagpapasuri sa [nyc.gov/covidtest](https://nyc.gov/covidtest) o tumawag sa **212-COVID19 (212-268-4319)**.
- Magpatala sa mga plano ng insurance sa kalusugan, kabilang ang mga libreng plano sa [nyc.gov/getcoverednyc](https://nyc.gov/getcoverednyc) o tumawag sa **311**. Kung hindi ka kwalipikado para sa insurance sa kalusugan, ginagarantiya ng NYC Care ang mga serbisyong may kaunti hanggang sa walang bayad. Hindi kinakailangan ang katayuan sa imigrasyon. Tumawag sa **646-NYC-Care (646-692-2273)** o pumunta sa [nycare.nyc](https://nycare.nyc).
- Nakakaramdam ka ba ng stress o pagkabalisa? Kausapin ang isang tagapayo ng NYC Well para sa kumpidensyal na suporta at makipag-ugnayan para sa mapagkukunan ng pangagalaga sa pangkaisipang kalusugan at paggamit ng substance. Bisitahin ang [nyc.gov/nycwell](https://nyc.gov/nycwell), tumawag sa **888-NYC-Well (888-692-9355)**, o mag-text sa WELL sa **65173**.

### Edukasyon

- Kwalipikado ang lahat ng bata sa NYC na 4 na taong gulang para sa Pre-K at maaaring pumasok sa pampublikong paaralan hanggang sa sila'y maging 21 taong gulang. Sa ilang lugar maaaring available ang "3-K" sa mga batang 3 taong gulang. Para magpatala, pumunta sa [schools.nyc.gov/enrollment](https://schools.nyc.gov/enrollment) o tumawag sa **311**.
- Matuto ng Ingles nang Libre sa We Speak NYC. Puwedeng bisitahin ng mga Intermediate na mag-aaral ng wikang Ingles ang [wespeaknyc.cityofnewyork.us](https://wespeaknyc.cityofnewyork.us) para mag-sign up sa online na pakikipag-usap na mga klase.

### Pang-emergency na Pagkain

- Mayroong makukuhang libreng vegetarian, halal, at kosher meal sa mga lokasyon sa iba't ibang panig ng NYC. Available ang mga opsyon sa pagde-deliver sa mga kwalipikadong New Yorker. Alamin pa sa [nyc.gov/getfood](https://nyc.gov/getfood) o tumawag sa **311** at sabihin ang "Get Food."

## PINAPANATILING LIGTAS ANG ATING MGA KOMUNIDAD



### Kaligtasan ng Publiko

- Ayon sa Batas, hindi maaaring magtanong ang NYPD ng tungkol sa katayuan sa imigrasyon ng biktima ng krimen, mga saksi, o iba pang taong humihingi ng tulong. Ang sinumang tao na naging biktima ng isang krimen o nakasaksi ng krimen ay dapat tumawag sa **911**.

### Mga Proteksyon Laban sa Diskriminasyon

- Hindi pinahihintulutan sa Lungsod ng New York ang diskriminasyon, pagganti at panliligalig laban sa sinuman batay sa kanilang lahi, relihiyon, o katayuan sa imigrasyon. Para iulat ang panliligalig o diskriminasyon, tumawag sa Komisyon ng mga Karapatang Pantao ng NYC sa **212-416-0197**.

### IDNYC

- Ang IDNYC ay libreng ID na may litrato na iniisyu para sa lahat ng residente ng NYC na 10 taong gulang pataas at nagbibigay ito ng access sa malawak na hanay ng mga serbisyo at diskuwento. Kumpidensiyal ang impormasyon ng mga aplikante sa IDNYC. Hindi kinakailangan ang katayuan sa imigrasyon. Mag-renew online o magpa-appointment para magpatala sa [nyc.gov/idnyc](https://nyc.gov/idnyc) o tumawag sa **311**.

### Mga Proteksyon Laban sa Karahasan sa Tahanan

- Handang tumulong ang Lungsod kung nakakaranas ka ng pang-aabuso. Puwede mong bisitahin ang [nyc.gov/nychope](https://nyc.gov/nychope) o tumawag sa Hotline para sa Karahasan sa Tahanan ng NYC sa **800-621-HOPE**.

## MAY MGA KARAPATAN KA



### Alamin ang Iyong Mga Karapatan sa ICE (Immigration Enforcement)

- Hindi nagsasagawa ang Lungsod ng immigration enforcement. May mga karapatan ka, kapag nilapitan ka ng tagapagtupad ng imigrasyon ng pederal. Bisitahin ang [nyc.gov/knowyourrights](https://nyc.gov/knowyourrights) o tumawag sa ActionNYC sa **800-354-0365** para sa libre at ligtas na tulong sa legal sa imigrasyon.

### Mga Karapatan ng Tenant

- Kung isa kang umuupa at nangangailangan ng tulong sa anumang isyu na nauugnay sa pagpapaalis o sa iyong landlord, bisitahin ang [nyc.gov/tenantprotection](https://nyc.gov/tenantprotection) o tumawag sa **311** at sabihin ang "tenant helpline" para sa libreng tulong sa legal. Para sa karagdagang suporta sa pabahay pumunta sa [nyc.gov/housing](https://nyc.gov/housing).

### Mga Karapatan ng Manggagawa

- May karapatan ka sa bayad na sick leave sa ilalim ng batas ng Lungsod ng New York. Hindi kinakailangan ang katayuan sa imigrasyon. Maaaring kwalipikado ang mga Imigranteng New Yorker na may pahintulot na makapagtrabaho para sa mga benepisyo ng insurance para sa kawalan ng trabaho. Bisitahin ang [nyc.gov/workers](https://nyc.gov/workers) para sa mga masasanggunian o tumawag sa **212-436-0381**.

### Hotline ng Ask MOIA

- Available ang tulong sa iyong wika kung mayroon kang mga tanong tungkol sa imigrasyon o kung paano ma-access ang mga serbisyo ng Lungsod. Tumawag sa hotline ng Immigrant Affairs ng Tanggapan ng Alkalde (MOIA) sa **212-788-7654** mula Lunes hanggang Biyernes, 9AM hanggang 5PM, o mag-email sa [askmoia@cityhall.nyc.gov](mailto:askmoia@cityhall.nyc.gov).